Paulat

Batas para sa Tulong sa mga Biktima ng Karahasan
(Opferhilfegesetz **OHG**)

Ang paulat na ito ay para sa mga kababaihang dumanas ng karahasang pangkatawan at / o kaya'y pansikolohiya buhat sa kanilang mga asawa o kasama sa buhay.

Pangkalahatang Karapatan

- Bilang babaing napinsala, maari kang pumili nang ano mang pampamahalaang opisina ng Kanton, na magbibigay ng payo at tulong sa iyo. Walang bayad ang mga serbisyo ng mga nagpapayong-opisinang ito. May karapatan kang humingi ng payong pambatas, pansosyal, at pansikolohiya sa mga babaing-dalubhasa na nagpapayo.
- Sa mga ilang kondisyon, maari kang maghabol ng bayad-pinsala **sa loob ng dalawang taon**.
- Ang paghahabol ng suporta ay hindi umaasa sa pagsasakdal sa hukuman.

Karapatan ukol sa Paghahabla ng Kaso

Sa kaso ng paglilitis sa hukuman, maaari kang:

- Pumili ng isang pinagkakatiwalaang tao na sasama sa iyo sa lahat ng mga pag-uusisang ginaganap sa pulisya at mahistradang nagsusuri.
- Humiling, na ipahatid sa iyo ang lahat ng mahahalagang pasya o hatol, gaya ng pasya sa pagpapalaya mula sa kulungan ng taong puminsala sa iyo.
- Humiling na ikaw ay suriin na hindi kaharap ang taong ito.
- Bilang saksi, maaari mong tanggihan ang mga tanong na sa iyong palagay ay lumalabag ng iyong kapalagayang-loob.

Kung ang iyong *dangal sa kasarian* ay naalipusta, may karagdagan kang karapatan na:

- Humiling, na ikaw ay suriin ng isang **babaing pulis** at isang **abogada** ng iyong pook *(Bezirksanwältin).*
- Humiling, na sa lahat ng pagsusuri ay hindi kaharap ang taong puminsala sa iyo.
- Humiling, na ang paglilitis sa hukuman ay hindi bukas sa madla.
- Humiling, na may **babaing kagawad** sa hukumang nagpapasya.

Takda ng pagtanggap ng paulat na ito

Zürich, ika - _____ng_____taong_____